

**Paggawa ng mga alituntunin sa tahanan**

Gumawa kayo ng mga alituntunin sa bahay para sa paggamit ng internet na angkop sa edad ng iyong anak upang gamitin ang internet nang ligtas.

Ang importante ay talakayin ng buong pamilya at gawin ang mga alituntunin. At saka, ang pagsunod ng mga matandang miyembro ng pamilya sa mga alituntunin ay importante.

**Mga Tip Upang Gawin Ang Mga Alituntunin**

- Gawin ang mga alituntunin bago bigyan ng ismartphone ang inyong anak.
- Talakayin ng magulang at anak at gawin ang mga alituntunin.
- Su simula ay magtakda kayo ng mas mahigpit na alituntunin (pagkatapos ay maaaring paluwagin).
- Isulat sa papel ang mga alituntunin at idik sa lugar na makikita ng lahat.
- Baguhin ang mga alituntunin paminsan-minsan.



Mga Alituntunin sa  
Aming Pamilya

**Mga bagay na isama sa mga alituntunin (Baguhin depende sa edad ng inyong anak)**

- Limitahan ang oras ng paggamit. (Halimbawa: Bawal gamitin pagkalipas ng 8 p.m.)
- Limitahan ang lugar ng paggamit. (Halimbawa: Puwedeng gamitin sa living room, pero hindi puwedeng dalhin sa sariling kuwarto.)
- Limitahan ang mga contact sa email at social media sa mga kaibigan na nakita nang personal.
- Dapat kumuha ng pahintulot ng magulang upang mag-download ng app at magbayad sa internet.
- Dapat kumunsulta sa mga magulang kapag nangyari ang problema.
- ※ Magiging mas mahusay kung isasama ninyo ang “Mga Bagay na Hindi Dapat Gawin” na nabanggit sa nakaraang pahina.

**○ Filtering (フィルタリング)**

Ang *Filtering* ay resipensibilidad ng mga magulang at tagapag-alaga. Sa pamamagitan ng paggamit ng filtering, maaaring protektahan ang inyong anak mula sa mapanganib na impormasyon, halimbawa ay maaaring mapigilan ang inyong anak na mag-access sa mga mapanganib na website tulad ng porn site, dating site, o website na may kinalaman sa violence o bawal na gamot.

- ※ Maaari kayong magpa-set-up sa phone shop. Ang Safety filter(あんしんフィルター) ay isang sikat na serbisyo.

**○ Parental Control (ペアレンタルコントロール)**

Ang Parental Control ay isang paraan para sa mga magulang at tagapag-alaga upang malaman nila kung paano ginagamit ang smartphone o game console ng kanilang anak. Sa pamamagitan nito, maaari rin nilang limitahan ang oras ng paggamit, makontrol ang pagbabayad sa online game, at suriin kung tama ang age rating ng online game.

- ※ Mayroong serbisyo tulad ng Family Link ng Google o Screen Time ng Apple.

**Mga magulang, magbago muna tayo.**

Hindi ba kayo gumagamit ng inyong smartphone sa oras ng pakikipag-usap sa inyong anak or pamilya?

Hindi ba kayo gumagamit ng inyong smartphone sa oras ng pagkain?

Hindi ba kayo gumagamit ng inyong smartphone sa oras ng pakikipaglaro sa inyong anak?

Ang mga magulang lamang ang maaaring magprotekta sa kanilang mga anak.

Sa bahay, tingnan ninyo ang inyong anak, hindi ang inyong smartphone, at kausapin ninyong mabuti ang inyong anak.